

1

His touch was searing, like hot iron on her smooth flesh, burning her senses, consuming her every thought. She gasped when his palms molded her soft breasts...

Kahit tumunog na ang school bell, hindi pa rin tumigil sa pagtipa ng keyboard si Marjorie sa loob ng cubicle ng ladies' restroom.

His tongue slid inside her mouth and she could not refuse it. All she could do was respond and yield to his every touch...

“Teacher Marjorie, ’andiyan ka pa ba?” dinig niyang tawag ni Teacher Anne sa labas ng restroom. “Nag-bell na, tapos na ang lunch break.”

Patuloy sa paggalaw ang kanyang mga daliri sa ibabaw ng keyboard ng laptop. “Yes, Teacher Anne,” sigaw niya mula sa loob ng maliit na cubicle, “Mauna ka na lang sa ’kin.”

“Okay, sige,” narinig niyang sumara ang pinto.

He entered her slowly, teasingly. His huge hard manhood sliding inside her wet hot velvety folds leisurely; she bit her lower lip hard to stop herself from

screaming.

“Please...” she heard her self plead.

“Please what?” he asked softly, obviously enjoying seeing her...

Malakas na muling nag-ring ng bell.

Napasigaw si Marjorie sa inis habang lalong binibilisan ang pagtipa sa keyboard.

... obviously enjoying seeing her plead for him. She raised her hips and started moving; he groaned and pushed harder inside her. She whimpered, her breasts jiggled with his every hard thrusts...

Napahinto sa walang habas na pagtipa ng keyboard ang dalagang teacher, tinitigan ang screen at binasa ang sinulat.

“Her breasts jiggled?” usal niya sa sarili. “Jiggled?” Napakunot noo siya; parang ang pangit pakinggan. Mabilis siyang nag-right click para makita ang synonym ng salitang ‘jiggle’.

“Jiggle, wiggle, waggle, shake, aha!” Mabilis niyang binura ng ‘jiggled’ at pinalitan ng ‘shook’.

Muling nag-ring ang bell.

“Ah! Nand’yan na! Nand’yan na!” muli niyang

sigaw. Matapos ang ilan pang segundong lightning speed na pagtipa sa keyboard, natataranta niyang sinara ang laptop at sinilid sa kanyang higanteng shoulder bag. Pagkatapos, dali-dali siyang lumabas ng cubicle at kumuha ng suklay mula sa bulsa ng bag.

She looked haggard, malalim at medyo nangingitim ang ilalim ng kanyang mga mata dahil sa ilang gabing pagpupuyat. Bukas na ng gabi ang deadline niya pero sa awa ng Diyos, kulang pa ng forty pages ang kanyang short erotica novel.

Matapos suklayin ang magulong buhok, mabilis niyang isinilid ang suklay pabalik sa bulsa ng bag. Ni hindi na siya nag-abalang magpolbo o mag-retouch ng makeup. Sa kanyang pagmamadali, hindi niya napansing di pala niya nasara ng maayos ang bulsa ng bag.

Nigel Alejo walked briskly at the hallways of *St. Vincent*, ang Catholic school na pagmamay-ari ng kanilang pamilya. May dumaan na madre at binati siya. Nag-good afternoon din siya rito. Nang makaalis ang madre, he stared at the whitewashed walls, shook his head and closed his eyes tightly as he cursed vehemently under his breath.

Naisahan siya ng tatay niya! Hanggang ngayon, hindi pa rin siya makapaniwalang napapayag siya nitong maging substitute chairman habang nagre-recuperate ito. Sigurado siyang may kung anong tipo ng gayuma ang hinalo sa juice niya habang nag-uusap sila noong isang araw—iyon, o siguro na-hypnotize siya. Because there was no way in deepest pits of hell na pumayag siyang ma-stuck at the most boring place on earth.

Heto ba ang klase ng buhay na pinagpalit ng kanyang ama sa pamilya nito? White walls, nuns and noisy kids? Mas matatanggap pa niya siguro kung nagka-affair ang papa niya. Bilang bonafide playboy, maiintindihan niya iyon. But this?

Nahilot niya ang noo, napahinga nang malalim habang iniisip kung paano mairaraos ang araw nang hindi nasisiraan ng bait. Wala pa siyang walong oras bilang bagong chairman, pero pakiramdam niya, bumagsak na ng fifty points ang kanyang IQ. Not that dapat niyang ikatakot iyon sa kanyang IQ na 200. Kahit bumagsak pa iyon ng fifty points, considered na genius pa rin siya.

Gritting his teeth, nagpatuloy sa paglalakad ang dalawampu't walong taon na binata. It was just pure torture, he really hated being stuck in one place kaya

nga ang maglalaglag, gamit ang excuse na isa siyang photographer, ang pinili niyang buhay.

Napamura siya muli sa sarili habang naglalakad. He needed a diversion, kung hindi, baka maging catatonic siya sa lugar na ito.

Kasalukuyang umiikot ang utak niya nang mula sa kung saan, isang dalaga ang sumulpot sa corner ng hallway. She hit him like a rush of unexpected strong wind.

“Dammit!” mura niya nang mabangga nito. Dahil sa momentum ng pagtakbo ng dalaga, pareho silang nabuwal sa sahig.

“Sorry! Sorry!” mabilis itong tumayo mula sa pagkakadagan sa kanya. “Sorry talaga, nagmamadali lang!” Bago pa niya namalayan, nakakaripas na ito ng takbo na akala mo ay hinahabol ng toro.

Inis na tumayo si Nigel at inayos ang sarili. He glared at her retreating back, too bad hindi niya puwedeng patalsikin ang teacher na iyon dahil lang sa pagtakbo sa hallways. Ayon sa nabasa niya sa school manual, warning lang ang maaari niyang ibigay for first offense para sa unruly behavior ng isang guro. Gaya ng ibang Catholic school, kailangan ng matinding immoral grounds para madaliang

mapatalsik ang isang teacher o estudyante sa kanila.

Akmang maglalakad na siya muli nang may mapansing maliit na notebook sa paanan. Kunot-noong pinulot niya iyon at binuksan. He scanned the unruly handwriting. After a few seconds, his eyes widened.

He gripped her hips forcefully as he pushed his hard shaft inside her tight slick folds. She cried out in pleasure and wrapped her legs around his waist...

“What the hell...” usal ng binata saka mabilis na nilipat ang pahina.

His tongue stroke her torturously slow, swiping through her wetness like...

“What in the world...” This time, hindi na niya napigilan ang pagtawa. Mabilis niyang nilipat-lipat ang pahina para maghanap ng identification ng may-ari niyon. Para namang narinig siya ng langit, isang ID ang nahulog mula sa notebook.

“Marjorie Ortega,” he said, a malicious smile on his lips.

Sinara niya ang notebook at naglakad na pabalik sa kanyang office.

Mukhang solved na ang problema niya sa

boredom.

“Teacher Marjorie, nakita mo na ba ’yung bagong chairman natin?” tanong ni Anne sa dalagang naghahalukay ng bag.

“Ah, hindi pa, eh,” distracted niyang sagot. Hindi siya naka-attend ng flag ceremony kaninang umaga kaya hindi niya nakita noong pinakilala ang bago nilang chairman.

Napakagat-labi si Marjorie habang hinahalukay ang bag. Shit na malagkit, saan ba niya nailagay ang notebook na iyon?

“Ang guwapo niya, Teacher!” parang kiti-kiting sabi ng kinikilig na kasamahan. ”As in über guwapo, drop dead gorgeous, grabe ang arrive! Para siyang Hollywood star!”

“Wow, sayang di ko siya nakita,” walang ka-energy- energy niyang sagot habang marahas na tinataktak ang bag. It was already three o’clock in the afternoon; tapos na pareho ang afternoon shift nila ni Anne at kasalukuyan na silang nagliligpit ng mga gamit para sa pag-uwi. Sinusubukan niyang pagkasyahin ang five hundred Math notebooks ng mga bata sa bag nang mapansin niya ang isang

kahindik-hindik na katotohanan: nawawala ang kanyang blue notebook!

Marahas niyang nasuklay ang buhok habang pilit na inalala kung saan niya ito maaring naiwan. Patay talaga siya kapag nawala niya iyon!

“Hmph!” angal ni Teacher Anne. “Teacher Marjorie, hindi ka naman nakikinig, eh!”

“Nakikinig ako!” deny niya sabay tuwad para silipin ang ilalim ng mesa. Nang hindi siya magkasya sa pagsilip, tuluyan na siyang lumuhod at gumapang sa ilalim ng teacher’s table.

“Bakit ka ba ganyan, Teacher Marjorie?” narinig niyang tanong pa ng co-teacher. “Bakit parang wala kang interes sa mga boys? Kahit sa kakikayan wala kang masyadong hilig. Although mukha kang manang, maganda ka naman talaga. Hindi siguro kasing-ganda ko pero maganda ka— you’ve got nice skin, nice straight hair, nice facial features, kaunting ayos lang magmumukha kang gorgeous din gaya ko.”

“It’s okay, I’m not really interested in boys,” sagot niya mula sa ilalim ng mesa.

Napasinghap si Anne. “You mean you’re interested in girls?”

“What!” Nauntog si Marjorie sa mesa.

Malakas na tumawa si Anne. “Joke lang. ’To namang si Teacher Marjorie, nag-panic agad. Ang dali mong lokohin, Teacher.” Tumahimik ito nang ilang sandali pagkatapos ay nagsalita ulit.

“Alam ko naman na dahil kay Baste kaya ka ganyan. Pero seriously, kahit may inaalagaan kang bata, puwede ka pa rin namang magka-boylet. ’Wag mong iburo ang sarili mo, have fun sister!”

Nang mapagtanto ni Marjorie na hindi susulpot sa ilalim ng mesa ang hinahanap niyang notebook, muli siyang napahigit ng hangin saka gumapang at tumayo. Ilang agiw ng alikabok ang sumama sa kanyang buhok.

“Hindi ko naman binuburo ang sarili ko and I am having fun.”

Anne rolled her eyes. “Yeah, right. Like—”

“Teacher Marjorie?” Naputol ang sasabihin ng kasamang guro dahil sa pagtawag na iyon ng kadarating lang na madre.

“Yes, Sister Grace?” baling niya rito.

“Pinapatawag ka ni Sir Nigel sa office niya.”

Nagkatinginan sila ni Anne.

“Bakit daw po?” kunot-noo niyang tanong.

“Hindi ko alam. Dalian mo, Teacher. Hindi ’yon gaya ni Sir Arthur, medyo mainipin ’yon at mainitin ang ulo,” sabi nito. Akmang aalis na ito nang biglang dumungaw muli sa pinto. “And Teacher Marjorie, ayusin mo ang sarili mo. May agiw ka pa sa buhok, mukha kang gumulong sa alikabok,” saad nito saka umalis.

Mabilis na inayos ni Marjorie ang buhok at damit.

Lumabi si Anne sa kanya. “Teacher Marjorie, may tinatago ka ba sa ’kin?”

Natigil siya sa pag-ayos ng sarili at napalunok nang wala sa oras. “Wala, ah,” kinakabahang tanggi niya. Dali-dali niyang tinungo ang pinto. “Sige, Teacher Anne, pupuntahan ko na si Sir.” Binirahan na niya ng alis. Mahirap na, baka uriratin pa siya ng tanong tungkol sa mga bagay na tinatago niya, marami pa naman siya noon.

He could be a leading man in my erotica novels.

Iyon ang unang pumasok sa isip ni Marjorie nang masilayan ang guwapong mukha ni Nigel Alejo.

Strong jaw, high cheekbones, dark deep-set eyes... shit, ang haba ng pilikmata! At hindi lang face nito ang winner, pati katawan nito pangromansa! Not too bulky, not too lanky. Mula sa suot nitong black polo, Marjorie could see that he had the muscles at the right places. Damn, even his fingers were freaking perfect. They were long and slender; she could imagine those fingers touching soft silky skin, his thumb stroking a sensitive nipple. Then, those firm soft lips would enclose over—

“Marjorie Ortega?” putol nito sa perverted niyang imahinasyon.

Gusto ng dalaga na maiyak sa tuwa. *Hallelujah!* Pakiramdam niya, kumakanta ang mga anghel sa langit. Pati boses nito, pang-leading man! Low and silky smooth; hindi lang iyon, there was a certain edge at his voice. It was laced with irritation and arrogance, na para bang pakiramdam nito ay pagmamay-ari nito ang mundo o na regalo ito ng langit sa sangkatauhan—in short, may attitude problem. Mahalaga iyon para kay Marjorie; boring ang mga characters na walang sayad.

Gusto niyang pumalampak sa tuwa. Tama si Teacher Anne, perfect ten ang binata! Nangangati na ang mga daliri niyang tumipa ng keyboard, nag-

uunahan na ang mga plotlines na puwedeng niyang gamitin dito.

“Are you listening to me?” Naging mas pronounced ang irritation sa boses nito.

Natigil sa pagpapantasya si Marjorie at napatingin sa kausap. Oops, mukhang nasobrahan yata siya sa pagde-daydream. Mabilis siyang umayos ng tayo. “Ah, yes, Sir. Sorry po. I’m listening.”

He looked at her coolly. “How long have you been working here, Miss Ortega?” simula nito.

Napakunot-noo siya, pero sinagot pa rin ang tanong. “Three years na, Sir. Dito na ’ko nagtrabaho right after I graduated from college.”

“I see.” Natigilan si Marjorie. Sa kung anong dahilan, kinabahan siya sa tono ng boses nito. “Then, you should know that immoral behaviors are serious grounds for expulsion in this school. It applies to both students and *teachers*.”

Tuluyan na siyang natigilan. At parang eksena sa isang horror movie, nilabas ni Nigel Alejo mula sa cabinet ang blue notebook na kanina pa niya hinahanap.

She froze, mula sa mabulaklaking mundo ng

erotica, bumulusok siya sa makatindig-balahibong daigdig ng *Friday the Thirteenth* at *Amityville*.

“How long have you been writing erotica novels, Miss Ortega?”

Oh. My. God. Nalaglag ang panga ni Marjorie sa sahi. Nagkamali siya, hindi pala erotica character si Nigel Alejo, narito pala ito para bigyan siya ng bangungot!

“Ano kaya’ng sasabihin ng mga madre at ng mga parents kapag nalaman nilang isa sa mga teachers ay isa pa lang—”

“Please don’t do that!” freaked out niya sabay hawak sa kamay ng binata.

He raised an eyebrow. Damn, how could he be scary and freakingly hot at the same time?

“And why not?” tanong nito.

“I...” Hindi niya maduktungan ang sasabihin niya. Then, parang may bumbilyang umilaw sa utak niya. Nanlaki ang mga mata niya at dumiin ang hawak sa kamay nito. “I’d do anything you want! Anything! Just don’t tell them, please!”

Sa kung anong dahilan, iyon ang pumasok sa isip niya. Ewan ba niya, ganoon kasi ang mga usual

plotlines na nababasa niya. Baka umubra rin sa totoong buhay, ma-try nga niya.

Tumaas ang sulok ng mga labi nito. Sa ibang pagkakataon, siguro pagpapantasyahan pa iyon ni Marjorie. Pero nang mga oras na iyon, napalunok lang ang dalaga. Bigla, tila gusto niyang bawiin ang sinabi dahil mukha itong lobong handang lumapa ng biktima. Okay sana iyon kung hindi siya ang biktima.

“Anything?” untag nito.

Napalunok ulit ang dalaga. Bahala na si Batman! “Anything,” she squeaked.

Agad-agad, hinila nito ang kanyang kamay at napasubsob ang itaas na bahagi ng katawan ni Marjorie sa mesa, ang mga mukha nila ay ilang sentimetro lang ang layo sa isa’t isa.

“Anything?” tanong muli nito, his hot breath fanned her lips. Their faces were so close she could see the brown streaks in his midnight black eyes. Damn, kung hindi siya mag-iingat, she could definitely get lost in those eyes.

Napalunok siya. “Anything,” she whispered back. Hindi siya naihanda ng pagiging erotica writer niya sa mga sumunod na nangyari.

Hinila siya ni Nigel sa batok at siniil ng mariin na halik. His hot mouth opened over hers, his wet demanding tongue forcing her lips to open. Bilang erotica writer, ilang libong kissing scenes na ang naisulat ni Marjorie, nagamit na yata niya ang lahat ng adjective at adverb para ilarawan ang isang halik. Yet, sa oras na iyon ay wala siyang mahagilap na salita. Tila hinigop ng black hole ang lahat ng titik. At sa takot na mahila rin niyon, napakapit siya nang mariin sa binata. Pinilit niyang manatili sa wisyo pero walang epekto, it was like trying to stop a huge bonfire by blowing wind—habang pinipilit niyang makawala, lalo lang siyang nilalamon pababa. Then suddenly, Nigel tore his mouth from hers savagely.

“What the hell!” he roared.

Napamulat si Marjorie at naguguluhang napatitig sa binata. He was frowning, his lips curled in distaste. Her eyes widened. Oh shit! Bad breath ba siya? Sigurado siya nag-toothbrush siya after lunch, promise!

“You don’t know how to kiss!” singhal nito.

Natigilan ang dalaga. Oh, that. Nakahinga siya nang maluwap; at least, hindi bad breath ang

inireklamo nito. Nakatingin pa rin ito sa kanya, tila hinihintay siyang magpaliwanag.

“Well,” simula ni Marjorie habang umaayos ng pagkakatayo. Wala sa loob na napahawak siya sa labi. She could still taste him in her mouth at ngayon na medyo gumana na ng maayos ang utak niya, she could somewhat describe his kiss now—it was spicy and minty, cold yet scorching at the same time. “Well, siyempre hindi ako marunong humalik, ’yon ang first kiss ko, eh.”

Lalong lumalim ang kunot ni Nigel. “What! Eh, di ba erotica writer ka?”

Siya naman ang napakunot-noo. “So?”

Napahigit ito ng hangin, tila nauubusan na ng pasensya. “You’re an erotica writer so you should know those things!”

“Tbig mo bang sabihin, para makapagsulat ng isang bagay kailangan naranasan muna? Then paano ’yung nagsulat sa point of view ng isang ghost? Ibig sabihin ba noon, naging ghost na sila? ’Yung mga nagsulat ng vampires? Vampires ba sila? Si J.K. Rowling ba marunong talagang mag-magic kaya naisulat niya ang *Harry Potter*? Bakit kailangang maranasan mo muna bago mo maisulat? That’s an

insult to us writers. Sinabi nga ni Einstein, *'imagination is more powerful and important than knowledge'*," madamdamin at buong conviction niyang talumpati.

Nanatili ang simangot sa mukha ng guwapong binata. "In short, you're a virgin?" he asked drily.

"Never been touched and just recently been kissed," proud niyang amin.

Napabuntong-hininga ang chairman ng *St. Vincent School*, mukha itong natalo ng ilang milyon sa pustahan. "And here I am, thinking I've found someone to relieve me of my boredom."

Hindi niya naiintindihan ang sinasabi nito pero palagay niya, oras na iyon para umeskapo siya. Dapat niyang samantalahin na tila hindi na ito interesado sa kanya. Although the kiss was great, mas gusto ni Marjorie na panatilihing simple ang buhay. At sa ilang minutong nakasama niya si Nigel Alejo, sa opinyon ng dalaga, he was anything but simple.

"So siguro puwede na 'kong umalis ngayon, di ba?" untag niya habang pasimpleng naglalakad paurong.

"Sinabi ko bang p'wede ka nang umalis?" Natigil ang dalaga sa paglalakad. Muli siya nitong tinitigan ng malamig. "I'm going to disintegrate in this place

if I don't find someone or something to entertain me, so siguro puwede ka na rin." Tumayo ito at lumapit sa kanya.

Awtomatikong napaurong siya. "Pero virgin pa nga ako!" pahayag niya. "Baka ma-bore ka rin lang sa 'kin. Hindi ako ang taong hinahanap mo. Come on, you know you don't want me!" palusot niya.

"I'm bored, anyone will do for now. Isa pa, sinabi mo na gagawin mo ang kahit na ano, di ba?"

Napasandal na siya sa pinto. Damn, she felt like she just made a deal with the devil himself, buti na lang dropdead gorgeous ang devil.

"P-pero..."

He leaned over her. "What? You're backing out now? I still have your notebook, you know."

Bumaba ang mukha nito palapit sa kanya and heaven help her, hindi niya napigilan ang pagbilis ng kanyang heartbeat. Tukso, layuan mo si Marjorie! Pero mayabang lang na ngumiti ang 'tukso'.

Kumislap ang mga mata ng binata at pagkatapos ay sinabing, "I think you're good enough to relieve my boredom. I'll use you for now." Pagdaka ay muling bumaba ang mga labi nito sa kanya and again, to

Marjorie's horror, everything became blank.

Kung iyong unang halik ay walang introduction at tumuloy agad sa chorus, this time, his kiss was slow, puno ng preamble, na para bang hinihintay na makuha niya ang tono. His lips brushed hers lightly, making her quiver and melt. Then, his tongue swiped through her soft lips; his teeth nipping softly down on hers, urging them to part. Sigurado si Marjorie, ginamitan siya ng lalaki ng black magic. Nag-init ang buong mukha niya at wala siyang nagawa kundi sundin ang paggalaw ng mga labi ni Nigel. She parted her lips and allowed him entry. He groaned, kinabig siya nito sa batok at dumiin ang halik. His hot tongue slid inside her mouth, brushed hers briefly then withdrew. Paulit-ulit nitong ginawa iyon hanggang sa napaungol siya sa frustration. Damn him, why won't he freaking drive his tongue deeper?

Sa kanyang inis, hinila niya ito sa kuwelyo at hinalikan ito nang mariin. She kissed him harder and slid her own tongue inside his mouth, mimicking his action. Only, mas demanding siya at mas agresibo. Gusto niyang i-congratulate ang sarili, in fairness! May potential pala siyang maging bida sa mga erotica novels niya.

Parang gusto niyang magprotesta nang hawakan

siya nito sa balikat at bahagyang itulak palayo. Idinikit nito ang noo sa kanya habang parehong malalim ang kanilang paghinga.

“That is how you should kiss, Marjorie,” narinig niyang saad nito. Nagmulat siya ng mga mata at nakitang mayabang itong nakangiti. “I think I know how you can entertain me. Come here every afternoon and I’ll teach you the things you have to know about sex and lust. Tama ka, mahalaga ang imagination. Pero may mga pagkakataon na kailangan din ng experience para maisulat mo iyon nang mas convincing. How about it? It’s not such a bad deal, is it?”

As if may choice siya. Napatango na lang ang dalaga.

“Good,” he said then gave her one more searing kiss. “See you tomorrow then.”

Before she knew it, nakalabas na ito ng kuwarto. Still dazed, napahawak siya sa mga labi. Damn, ito na ba ang plotline ng kuwento niya? She had never imagined na siya ang magiging bida roon.

2

“Teacher Marlon, sorry! Sorry talaga at sobrang na-late ako. Sorry, sorry!” Halos di-magkandaugaga si Marjorie sa paghingi ng despensa sa preschool teacher.

“It’s okay,” nakangiting sagot ni Marlon. Hinawakan siya nito sa balikat para patigilin sa walang habas niyang pag-bow bilang paghingi ng pasensya. “Thirty minutes ka lang namang late. At saka, hindi mahirap alagaan si Baste, he’s a very obedient kid.”

“Mama Marjorie, okay na ’ko.” Hinila ng limang taong gulang na bata ang laylayan ng kanyang peach uniform.

“Okay. Sige, Teacher Marlon, sorry ulit at thank you talaga.”

He smiled at her again. “It’s okay. Sige, ingat kayo.”

“Okay, ’bye! Baste, say goodbye to Teacher Marlon.”

“See you tomorrow, Teacher. Thank you po sa

pagbantay.”

Naglakad na sila ng pamangkin palabas ng classroom.

Nang makarating sa dulo ng pasilyo ng gusali, binuksan ni Marjorie ang payong dahil umaambon na.

“Baste, halika, kargahin na lang kita para di ka mabasa.” Umupo siya at nakangiting nilahad ang mga braso sa anak-anakan, pero derechahan siyang ni-reject ng paslit.

“Okay lang, Mama Marjorie, maglalakad na lang ako. May payong at raincoat ako.”

Parang binagsakan ng langit ang mukha ng dalaga. “Pero baka madulas ka; kakargahin na lang kita.” Halos magmaktol siya, pero deadma lang ang bata.

Inilabas nito ang raincoat at isinuot iyon. “Okay na ’ko, Mama Marjorie.”

Mabilis siyang tumayo at naglakad pahabol dito. “Pero, Baste, baka madula—ahh!” At walang poise siyang sumalampak sa basang bangketa.

“Mama Marjorie!” sigaw din ng bata nang makita siyang madulas.

“Aray,” usal niya habang iniinda ang sakit sa puwitan.

“Tulong! Tulong!”

“Baste, okay lang ako.” Hinawakan niya sa braso ang hysterical na anak-anakan.

“Hindi, Mama! Baka nabalian ka! Tulong! Tul—”

“Aayos lang ako, promise!” Kahit masakit pa ang puwet, mabilis siyang tumayo. “See? Okay lang ako.” Tumalun-talon pa siya nang kaunti para patunayan iyon dito.

“Pero, Mama...”

“Baste, okay lang talaga ako.” Naluluha siyang tinitigan ng bata. “Let’s go na?” aya niya habang pinupunasan ang luha nito.

Kahit hindi kumbinsido, tumango na lang ito at humawak nang mahigpit sa kamay niya.

“May assignment ka ba?” tanong niya pagkaraan.

“Family picture,” sagot nito.

“Okay, mag-cut out tayo mamaya ha?” Tumango lang ang bata.

Matapos ang ilang minutong paglalakad, narating

na nila ang maliit nilang apartment. “Magpalit ka na ng damit, magluluto na ’ko,” bilin niya rito.

“Okay.” Mabilis nitong tinungo ang kuwarto nila. Matapos ang ilang minuto, humahangos itong bumalik sa kusina. Kasalukuyan na siyang nagluluto noon ng sopas.

“Mama Marjorie, ako na lang ang magluluto.” Nagdala pa ito ng upuan at akmang tutuntong doon.

“Ay, ano ka ba, Baste! Hindi puwede, ako na.”

“Okay lang, Mama Marjorie, nagbasa ako ng cook book, marunong ako,” giit nito.

Bumuntong-hininga ang dalaga. Mahirap pala mag-alaga ng five-year-old na mas matured pa yata sa kanya.

Masuyo niyang hinawakan sa ulo ang paslit. “Baste, it’s all right. Go and play with your toys.”

“I don’t wanna play. I get bored when I play.”

Lumuhod si Marjorie upang maging magka-level ang mga mukha nila ng bata. “Baste, I know you’re smart. Sinabi ng teacher mo 180 ang IQ mo. Alam kong gusto mong tumulong at magagawa mo ’yon. Pero hindi pa ngayon. Kapag malaki ka na, puwede mo na ’kong tulungang magluto, maglaba,

magplantsa. But now, ang gusto ko maglaro ka, magkulay ng coloring books, tumakbo ng nakahubad, maligo sa ulan, umakyat ng puno gaya ng mga kalaro mo't kaklase. Ang gusto ko, maging bata ka habang bata ka pa. Naiintindihan mo ba ako?"

Kunot-noong umiling ang limang taong gulang niyang anak-anakan.

Napatingala siya sa langit. Praise the Heavens!

"Good. Ibig sabihin niyan, bata ka pa nga!" nakangiting aniya. "Gawin mo na muna ang assignment mo, 'tapos titingnan ko mamaya, okay?"

Kahit tila labag sa loob, tumango lang ang bata at bumalik sa silid. Still smiling, binalikan niya ang pagluluto ng sopas.

She was burning like she was having a fever. Her hot sweaty skin slapped against his as they rocked their bodies together. He pushed himself harder inside her and she whimpered shamelessly...

Napatigil sa pagtipa ng keyboard si Marjorie. Halos idikit niya ang mga mata sa screen. Matapos ang ilang sandali, napapikit siya nang mariin.

"Shit," mura niya sabay untog ng ulo sa mesa.

Itinaas niya ang isang kamay at pinindot ang delete button sa keyboard.

That's it, she's really dead.

Alas dos na ng madaling araw. Limang oras na siyang nagsusulat pero sa awa ng Diyos, wala pang isang pahina ang natatapos niya.

“Shoot! Shoot! Shoot!” mahina niyang usal na sinabayan pa ng mahinang pagpukpok sa mesa.

Noon, okay lang kahit naghahabol siya ng deadline dahil mas effective siya kapag ganoon. Pero ngayon, kahit anong sindak at pressure niya sa sarili, walang effect. Matapos ang halik ni Nigel, para siyang colorblind na biglang nasilip ang tunay na kulay ng daigdig, nagulantang siya sa tingkad ng mga kulay. At ngayong bumalik siya sa black and white na mundo, ramdam na ramdam na niya ang kahungkagan niyon.

Inis na napaungol siya.

“Mama Marjorie...?”

Mabilis na nag-angat ng ulo ang dalaga nang marinig ang boses ng anak-anakan. Nakayapak ito at nasa tapat ng pintuan ng kuwarto.

“Maingay ba 'ko? Nagising ba kita?” Tumayo siya para lapitan ito. Nanlaki ang mga mata niya

nang makitang umiiyak ang bata. “Baste, bakit ka umiiyak?” Mabilis niya itong kinabig palapit. “Nanaginip ka ba ng masama? May masakit ba sa ’yo? Gusto mong pumunta ng hospital?”

“Sorry... sorry...” Mahigpit na pumalupot sa leeg niya ang maliliit nitong braso. ”T-tutulong ako... tutulong ako, di ka na mapapagod.” Natigilan siya; nakalimutan bigla ang lahat ng problema sa pagsusulat. “Hindi ako magkukulit... magiging mabait ako... lalaki ako agad...” impit na iyak nito.

She swallowed hard as she held the trembling child.

“It’s okay, it’s okay.” Napansin niyang may bahagyang nginig ang kanyang tinig. ”Hindi mo kailangang lumaki agad.” Pumikit siya nang mariin at masuyong hinalikan sa noo ang umiiyak na paslit. Tumayo siya at kinarga ito papunta sa kuwarto. Hiniga niya ito sa kama at tumabi rito.

“It’s okay. Hindi kita iiwan.” Niyakap niya ang bata. “We’re family, and family never leave each other.” Patuloy lang sa mahinang pag-iyak ang bata. “It’s okay, it’s okay,” patuloy niyang bulong habang hinahaplos ito sa likod.

Matapos ang ilang minuto, the child fell into

a restless slumber. Masuyo niya itong hinalikan sa noo. Akmang tatayo siya nang humigpit ang yakap ng natutulog na paslit. Kahit sa pagtulog, hindi ito makatakas sa mga multo ng reyalidad.

Marahan siyang bumulong sa bata, “Isasara ko lang ang laptop, Baste, babalik ako.” Hinalikan niya itong muli sa noo. Mukhang nakalma naman ang bata sa assurance niya, lumuwag ang yakap nito. Maingat siyang tumayo at tinungo ang kusina pagkatapos ay niligpit ang laptop. Then, bumalik na siya sa silid at humiga sa tabi ng bata.

“Family never leave each other...” bulong niya sa paslit at niyakap ito nang mahigpit.

“You looked like hell.”

Hindi nag-angat ng ulo si Marjorie mula sa pagkakasubsob sa table. It was lunch; mabilis niyang tinapos ang pagkain at nagbalik agad sa teacher’s lounge para makaidlip. Maaga siyang nagising kaninang umaga para subukang makapagsulat ulit; umaasang kahit papaano, nilipad na ng hangin ang kanyang writer’s block. Pero wa epek, mataas pa rin ang block.

“Go away, I wanna rest,” pagod niyang sagot kay

Nigel.

“Huhulaan ko,” narinig niyang sambit nito. “Hindi ka makapagsulat dahil matapos kahapon, everything became bland and pale.”

Nagulantang siya at mabilis napaangat ng ulo. “How did you know that?” gulat niyang tanong.

Mayabang itong ngumiti. “Because I’m a good kisser, that’s why. ‘Wag mong kakalimutan mamaya, we’re on.” Siniil siya nito ng halik bago pa siya makapagprotesta.

Nang makaalis ito, nanatili siyang tulalang nakatingin sa harapan; may kaunting shock pa rin sa bigla nitong paghalik. Mayamaya, mahina niyang inuntog ang ulo sa mesa.

“Bastard,” usal niya sa sarili. Ano ba ang tingin nito sa kanya? Laruan? Pinagdidiskitahan dahil lang nababagot ito? Ano kaya kung mag-file siya ng sexual harassment laban dito? Better yet, ipakulam kaya niya?

“Hmph!” angal niya sa sarili. Hinilig niya ang ulo sa isang bahagi at tunitig sa bintana. She drummed her fingers on the table as she thought of Nigel Alejo. True, he was really an ass; pero sa kabilang banda, kung iisiping mabuti, kakaunti lang ang taong

kasing-sama ng ugali ng binata. Hindi araw-araw na makakakilala siya ng gaya ng bagong chairman. Tila na-excite siya sa pagkakataong makadaupang-palad muli niya ang isang tulad ni Nigel Alejo.

Natigilan siya sa isiping iyon, bahagyang nanlaki ang kanyang mga mata, tila dumungaw ang mga anghel sa bintana ng langit.

“Tama!” Napapalakpak siya sa sarili. What in the world was wrong with her? Writer siya, di ba? Once in a lifetime chance ito, dapat sunggaban niya ang pagkakataon at gamitin iyon sa pagsusulat.

Napangiti siya ng malapad sa sarili. “Ang galing!” she exclaimed. Ang ringtone ng kanyang cell phone ang nagbalik sa kanya sa kasalukuyan. Number ng preschool teacher ni Baste ang naka-display sa LCD.

“Teacher Marlon?” sagot niya sa tawag. “What!” bulalas niya. Napatayo siya at naramdaman niya ang pag-uunahan ng kanyang heartbeat. “Sige, Teacher Marlon. Yes, yes.” May bahagyang nginig sa boses niya. “Yes, pupunta ako d’yan. Salamat, salamat.” Then, mabilis niyang pinutol ang tawag. Nanginginig ang mga kamay na inayos niya ang mga gamit.

“Teacher Marjorie, what’s wrong? Aalis ka?” nagtatakang tanong ng kadarating lang na si Anne.

“Si Baste hinimatay, dinala sa ospital.” She walked out of the classroom fast. “Pakisabi kay Mother Superior ang nangyari, tatawag na lang ako mamaya.”

At kumaripas na siya ng takbo.